

# Form I-9, Pagpapatunay sa Pagiging Karapat-dapat sa Pagtatrabaho

## Sheet ng Impormasyon ng Empleyado



U.S. Citizenship  
and Immigration  
Services

**1. Para saan ang Form I-9?** Kinakailangan ng pederal na batas na i-verify ng mga employer ang pagkakakilanlan at pahintulot sa pagtatrabaho ng mga bagong empleyado at na i-verify muli ang pahintulot sa pagtatrabaho sa ilang partikular na sitwasyon lamang sa mas matagal na petsa. Dapat gamitin ng mga employer ang Form I-9 upang gawin ito. Papasagutan sa iyo ng iyong employer ang Section 1. Pakibasa nang mabuti ang mga tagubilin ang magsulat nang malinaw.

**2. Sino ang nagtatago ng Form I-9?** Ang iyong employer ang magtatabi sa iyong nasagutang Form I-9, ngunit dapat itong ibahagi sa mga partikular na ahensya ng pamahalaan kapag hiningi. Maaaring suriin ng mga opisyal mula sa Department of Homeland Security, sa Office of Special Counsel for Immigration-Related Unfair Employment Practices (OSC) mula sa Department of Justice, at mula sa Department of Labor ang mga Form I-9 ng isang employer.

**3. Dapat ko bang sagutan ang lahat ng nasa Seksyon 1?** Hindi. Ang tatlong opsyonal na patlang ay: (1) Social Security Number, (2) E-mail Address, at (3) Telephone Number. Kung gumagamit ang iyong employer ng E-Verify, dapat mong ibigay ang iyong Social Security Number. Kung ibibigay mo ang iyong e-mail address at numero ngtelepono, makakapagbigay sa iyo ang E-Verify ng mahahalagang impormasyon tungkol sa iyong katayuan sa E-Verify.

**4. Dapat ko bang sagutan ang Section 2 o Section 3?** Hindi. Sasagutan ng iyong employer ang Section 2 at Section 3.

**5. Available ba sa ibang wika ang Form I-9?** Oo. Available din ang Form I-9 sa Spanish para gamitin sa Puerto Rico. Sa labas ng Puerto Rico, maaari lang gamitin ang bersyong Spanish upang tulongan ang mga employer at empleyado na sagutan ang form na nasa wikang Ingles.

**6. Maaari ba akong tulongan ng isang taong nakakaunawa ng Ingles na sagutan ang Form I-9?** Oo. Maaari kang humingi ng tulong sa pagsagot sa form. Ang ilan sa mga karaniwang halimbawa ay kung kailangan mong ipasalin ang form o kailangan mo ng tulong sa pagsusulat sa iyong impormasyon. Dapat punan ng taong magsasalin o sasagot sa form para sa iyo ang “Preparer and/or Translator certification” sa Form I-9. Subalit, dapat mong personal na lagdaan ang Section 1.

**7. Anu-anong dokumento ang dapat kong ipakita sa aking employer?** Dapat mong ipakita sa iyong employer ang mga dokumento na nasa “List of Acceptable Documents.” Ang Listahan ay bahagi ng Form I-9. Ikaw ang

magpapasya kung aling dokumento o mga dokumento ang iyong ipapakita mula sa Listahan. Ang iyong employer ay hindi maaaring humingi o mangailangan ng isang partikular na dokumento mula sa iyo.

**8. Isa o dalawa ba ang dokumentong dapat kong ipakita sa aking employer?** Depende. Mas gusto ng ilang empleyado na magpakita ng isang dokumento mula sa “List A” upang patunayan ang parehong pagkakakilanlan at pahintulot sa pagtatrabaho. Mas gusto ng ibang empleyado na magpakita ng isang kumbinasyon ng mga dokumento – isa mula sa “List B” na nagpapakita ng kanilang pagkakakilanlan at isa pa mula sa “List C” na nagpapakita ng pahintulot sa pagtatrabaho. Para sa kumpletong listahan ng mga dokumentong maaari mong gamitin, tingnan ang List of Acceptable Documents.

**9. Ano ang mangyayari kung hindi ko matatapos ang Section 1 at/o hindi ako makapagpakita ng mga katanggap-tanggap na dokumento?** Kung hindi mo matapos ang Section 1 ng Form I-9 at/o hindi ka makapagpakita ng mga katanggap-tanggap na dokumento, maaaring wakasan ng employer mo ang iyong pagtatrabaho.

**10. Malalagay ba ako sa alanganin kung magsisinungaling ako sa form?** Oo. Maaari kang patawan ng mga kriminal na kaso kung magsisinungaling ka o magbibigay ng hindi tunay na mga dokumento para sa Form I-9.

**11. Sino ang maaari kong tawagan kung mayroon akong mga tanong, o kung sa tingin ko ay hindi patas ang pagtrato sa akin ng aking employer dahil sa bansang aking pinanggalingan o katayuan sa pagkamamamayan?** Para sa mga tanong tungkol sa Form I-9, tawagan ang U.S. Citizenship and Immigration Services sa 1-888-464-4218. Kung sa tingin mo ay hindi patas ang pagtrato sa iyo dahil sa iyong bansang pinanggalingan o katayuan sa pagkamamamayan o immigration, o mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong mga karapatan, tawagan ang Office of Special Counsel for Immigration-Related Unfair Employment Practices sa 1-800-255-7688 (available ang tulong sa wika) o 1-800-237-2515 (TDD).

**12. Paano ako matututo nang higit pa tungkol sa Form I-9 at sa aking mga karapatan at pananagutan bilang isang empleyado?** Pakibisita ang I-9 Central ([www.uscis.gov/I-9Central](http://www.uscis.gov/I-9Central)). Nag-aalok din ang USCIS ng mga buwanang webinar tungkol sa mga karapatan at pananagutan ng mga empleyado. Nag-aalok din ang OSC ng mga libreng webinar para sa mga empleyado sa wikang Ingles at Spanish, at available ang iskediyul sa website ng OSC ([www.justice.gov/crt/about/osc](http://www.justice.gov/crt/about/osc)).